



PATNUBAY SA BANTA NG KRIMEN SA PAGKAPOOT

Kawanihan ng Hustisya ng Estados Unidos
Kawanihan na Pampederal sa Pagsisiyasat
Pangkat para sa Mga Karapatang Sibil



Iba-ibang uri ang mga banta ng krimen sa pagkapoot, at dahil dito, bawat tugon ay natatangi. Sa bawat tugon, ang nagpapatupad ng batas ay kailangang abisuhan at bawat tangkang mapanatili ang katibayan ay dapat isagawa. Ang pangkalahatang mga tip sa ibaba ay maaaring maging kapaki-pakinabang na sundin kung nahaharap sa isang banta ng krimen sa pagkapoot.

Ang Isang Tunay na Banta ay isang seryosong komunikasyon ng isang hangarin na gumawa ng isang kilos ng labag sa batas ng karahasan laban sa isang partikular na indibidwal o grupo ng mga indibidwal. Ang isang tunay na banta ay hindi protektado ng Unang Susog at maaaring maging isang sakdaling pagkakasala bilang isang krimen sa pagkapoot.

<p>Pagbabanta sa Katawan</p> <p>Ang isang pagbabanta sa katawan ay isang harapan na tunay na banta na kung saan inilalagay ang tatanggap o iba pa sa napipintong panganib. Minumungkahi ng isang kabuuan ng pamantayan ng mga pangyayari na walang nag-iisang kadahilanan sa pagpapasya sa isang pagpapahalaga sa pagbabanta sa katawan. Dapat isaalang-alang ng isa ang lahat ng mga katotohanan at nilalaman, at tapusin batay sa kabuuan ng larawan kung mayroon mang posibleng napipintong banta. Kapag naharap sa isang napipintong pagbabanta sa katawan na masaktan, mayroon kang tatlong mga pagpipilian:</p>	<p>Bantang Salita</p> <p>Ang isang bantang salita ay isang harapan na tunay na banta na kung saan hindi inilalagay ang tatanggap sa agad na panganib.</p> <ul style="list-style-type: none"> ⇒ Kung aalis ang salarin, tandaan kung aling direksyon ang kanilang tinungo. ⇒ Kaagad-agad na abisuhan ang nagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng pagtawag sa 911. ⇒ Isulat ang eksaktong banta habang ipinaparating ito. 	<p>Pagbabanta sa Telepono</p> <p>Ang isang tunay na pagbabanta sa telepono ay isang natanggap na tawag sa telepono. Ang nakatanggap ng banta ay dapat na magtangkang kumuha ng maraming impormasyon tungkol sa tumawag at ang banta, kung maaari, maliban lang kung saan ang banta ay ilalagay ang nakatanggap at iba pa na masaktan.</p> <ul style="list-style-type: none"> ⇒ Manatiling kalmado at huwag mong ibitin ang tawag. Magtangkang humingi ng impormasyon upang malaman kung ang banta ay tiyak, makatotohanan, at magdudulot ng agad na panganib sa kaligtasan ng iba. 	<p>Pagbabanta sa Elektronikong Paraan</p> <p>Ang isang pagbabanta sa elektronikong paraan ay isang tunay na banta na natanggap mula sa internet, katulad ng sa pamamagitan ng e-mail o social media. Mahalagang kilalanin na ang forensic na pagsusuri ay maaaring magbunyag ng mahalagang impormasyon na hindi nakita sa una. Mahalaga na ang komunikasyon ay itinuturing na katibayan.</p>	<p>Bantang Nakasulat o sa Paningin</p> <p>Ang isang tunay na bantang nakasulat o sa paningin ay isang natanggap na isang kasulatan o maliwanag na paraan, katulad ng sulat kamay o graffiti.</p> <ul style="list-style-type: none"> ⇒ Hawakan ang dokumento/ bagay ng kaunti hangga't maaari. HUWAG ITAPON ANG BAGAY, HINDI ALINTANA KUNG PAANO NAKAKASAKIT. Ang bagay na ito ay ebidensya at maaaring magdulot ng karagdagang mga pahiwatig para sa nagpapatupad ng batas. ⇒ Kaagad-agad na abisuhan ang nagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng pagtawag sa 911.
--	---	--	---	--



PATNUBAY SA BANTA NG KRIMEN SA PAGKAPOOT

Kawanihan ng Hustisya ng Estados Unidos
Kawanihan na Pampederal sa Pagsisiyasat
Pangkat para sa Mga Karapatang Sibil



Pagbabanta sa Katawan	Bantang Saliaang	Pagbabanta sa Telepono	Pagbabanta sa Elektronikong Paraan	Bantang Nakasulat o sa Paningin
<p>⇒ Tumakbo.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magkaroon ng ruta sa pagtakas at plano sa isip. • Iwanan ang iyong mga gamit. • Tulungan ang ibang makatakas, kung maaari. • Huwag magtangkang ilipat ang nasugatan. <p>⇒ Magtago</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magtago sa lugar na malayo sa paningin ng banta. • Ikandado ang pintuan o maglagay ng harang sa pasukan ng iyong pinagtataguan. • Itahimik ang iyong cell phone (kabilang ang vibrate mode) at ikaw ay manahimik. <p>⇒ Lumaban</p> <ul style="list-style-type: none"> • Lumaban bilang huling paraan at kapag lamang na ang iyong buhay ay nasa napipintong panganib. • Magtangkang ipawalang kakayahan ang banta. 	<p>⇒ Tandaan ang paglalarawan ng taong gumawa ng banta:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pangalan (kung alam) • Kasarian • Sukat ng katawan (taas/bigat) • Mga tampok sa pagki--kilala • Lahi • Uri/Kulay ng damit • Kulay ng buhok at mata • Boses (malakas, malalim, punto, at iba pa) 	<p>⇒ Kung maaari, senyasan mo ang ibang mga tauhan na makinig at kaagad-agad na abisuhan ang nagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng pagtawag sa 911.</p> <p>⇒ Kung may display ang telepono, kopyahin ang numero at/o mga letra sa window display.</p> <p>⇒ Isulat ang eksaktong pananalita ng banta.</p> <p>⇒ Panatilihin ang tumatawag sa hangga't maaaring haba at magtangkang lumikom ng maraming impormasyon hangga't maaari.</p> <p>⇒ Iulat, kung maaari.</p> <p>⇒ Maging maaari kang gamitin para sa mga panayam kasama ang nagpapatupad ng batas sa pagtugon.</p>	<p>⇒ HUWAG tanggalin ang pagbabanta sa elektronikong paraan. Ang forensic na pagsusuri ay maaaring magpugay ng karagdang mga detalye.</p> <p>⇒ Iwanang nakabukas ang mensahe sa computer.</p> <p>⇒ Kaagad-agad na abisuhan ang nagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng pagtawag sa 911.</p> <p>⇒ Ilimbag, kunan ng larawan o kopyahin ang mensahe at linya ng paksa, tandaan ang petsa at oras.</p>	<p>⇒ Isulat ulit ang eksaktong banta, katulad na katulad, sa ibang pilas ng papel at isulat ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Petsa/oras/lugar ng natagpuang dokumento. • Anumang mga sitwasyon o mga kondisyon sa paligid ng katuklasan / paghahatid. • Buong pangalan ng sinumang nakakita sa banta. <p>⇒ Siguruhin ang orihinal na banta, HUWAG baguhin ang bagay sa anumang paraan.</p> <p>⇒ Kung maliit/matatanggal, ilagay sa isang supot o sobre. Subukang huwag hawakan ng direkto ang bagay sa pamamagitan ng iyong mga kamay.</p> <p>⇒ Kung malaki/nakatigil, siguruhin ang lugar at siguraduhin na ang banta ay hindi nasira o binago.</p>



PATNUBAY SA BANTA NG KRIMEN SA PAGKAPOOT

Kawanihan ng Hustisya ng Estados Unidos
Kawanihan na Pampederal sa Pagsisiyasat
Pangkat para sa Mga Karapatang Sibil



Pagbabanta sa Katawan	Batang Salita	Pagbabanta sa Telepono	Pagbabanta sa Elektronikong Paraan	Batang Nakasulat o sa Paningin
<ul style="list-style-type: none">• Kumilos ng may pinakamaraming pisikal na pananalakay hangga't maaari.• Gumawa ng pansamantalang mga sandata o maghagis ng mga gamit sa banta.• Ituon mo ang iyong mga kilos... nakasalalay ang iyong buhay dito. <p>⇒ Kapag humupa na ang napipintong banta, tumawag sa 911.</p>			<p>⇒ Kung may kaalaman, magsikap upang mapanatili ang lahat ng elektronikong ebidensya.</p>	
<p>Kapag ligtas na, ang nakatanggap ng banta ay dapat makipag-ugnay sa lokal na tanggapan ng FBI at hilinging magsumite ng reklamo tungkol sa isang krimen sa pagkapoot sa pulutong para sa mga Karapatang Sibil.</p> <p>Hindi lahat ng mga reklamo sa lokal na nagpapatupad ng batas ay naipapasa sa FBI.</p>				



PATNUBAY SA BANTA NG KRIMEN SA PAGKAPOOT

Kawanihan ng Hustisya ng Estados Unidos
Kawanihan na Pampederal sa Pagsisiyasat
Pangkat para sa Mga Karapatang Sibil



Ano ang aasahan kung ikaw ang biktima ng isang krimen sa pagkapoot:

- ⇒ Kung natapos ng FBI ang isang pampederal na krimen sa pagkapoot na maaaring nagawa, isa o maraming Kinatawan ng FBI ay magsasagawa ng isang pagsisiyasat. Bilang bahagi ng pagsisiyasat, ang Kinatawan ay magtitipon ng ebidensya, na maaaring isama ang isang panayam na kasama ka at ibang mga biktima.
- ⇒ Maaari ka ring hilingin na ipahayag muli ang iyong naranasan sa harap ng kataas-taasang hurado ng pederal.
- ⇒ Isang masusing pagsisiyasat ang tatapusin. Ang pagsisiyasat ay maaaring umabot ng mahabang panahon bago matapos, at ikaw ay hindi maa-'update' o mabi-'brief' sa araw-araw na mga pagpapaunlad ng kaso. Bawat pagsisikap ay gagawin na sabihin sa iyo ang tungkol sa mga pangunahing kaganapan sa isang pagsisiyasat, katulad ng isang aresto o pagsasakdal. Nakatuon ang FBI na magbigay ng ganoong impormasyon sa iyo bago ipahayag ito sa publiko, kung maaari. Gayunpaman, dapat maging palaging maingat ang FBI na hindi ipahayag ang sensitibong impormasyon na maaaring makasira sa pagsisiyasat o mapalaki ang panganib sa nagpapatupad ng batas.
- ⇒ Karagdagan sa isang Kinatawan ng FBI, ang bawat kasong mayroong nakikilalang biktima ay magkakaroon ng isang itinalagang FBI Espesyalista sa Biktima. Ang isang Espesyalista sa Biktima ay isang propesyonal na may lubos na kasanayan na tutulong sa iyo sa suporta, impormasyon, at mga mapagkukunan. Ang isang Espesyalista sa Biktima ay makikipag-ugnay sa iyo upang ipaliwanag ang iyong mga karapatan at maaaring magamit na mga serbisyo, at magsisilbing gabay sa pakikipag-ugnay sa pagitan mo at ng FBI.



PATNUBAY SA BANTA NG KRIMEN SA PAGKAPOOT

Kawanihan ng Hustisya ng Estados Unidos
Kawanihan na Pampederal sa Pagsisiyasat
Pangkat para sa Mga Karapatang Sibil



Mga Numero ng Telepono ng Lugar ng Tanggapan ng FBI:

Albany	(518) 465-7551	Indianapolis	(317) 595-4000	Oklahoma City	(405) 290-7770
Albuquerque	(505) 889-1300	Jackson	(601) 948-5000	Omaha	(402) 493-8688
Anchorage	(907) 276-4441	Jacksonville	(904) 248-7000	Philadelphia	(215) 418-4000
Atlanta	(770) 216-3000	Kansas City	(816) 512-8200	Phoenix	(623) 466-1999
Baltimore	(410) 265-8080	Knoxville	(865) 544-0751	Pittsburgh	(412) 432-4000
Birmingham	(205) 326-6166	Las Vegas	(702) 385-1281	Portland	(503) 224-4181
Boston	(857) 386-2000	Little Rock	(501) 221-9100	Richmond	(804) 261-1044
Buffalo	(716) 856-7800	Los Angeles	(310) 477-6565	Sacramento	(916) 746-7000
Charlotte	(704) 672-6100	Louisville	(502) 263-6000	Salt Lake City	(801) 579-1400
Chicago	(312) 421-6700	Memphis	(901) 747-4300	San Antonio	(210) 225-6741
Cincinnati	(513) 421-4310	Miami	(754) 703-2000	San Diego	(858) 320-1800
Cleveland	(216) 522-1400	Milwaukee	(414) 276-4684	San Francisco	(415) 553-7400
Columbia	(803) 551-4200	Minneapolis	(763) 569-8000	San Juan	(787) 754-6000
Dallas	(972) 559-5000	Mobile	(251) 438-3674	Seattle	(206) 622-0460
Denver	(303) 629-7171	New Haven	(203) 777-6311	Springfield	(217) 522-9675
Detroit	(313) 965-2323	New Orleans	(504) 816-3000	St. Louis	(314) 589-2500
El Paso	(915) 832-5000	New York City	(212) 384-1000	Tampa	(813) 253-1000
Honolulu	(808) 566-4300	Newark	(973) 792-3000	Washington DC	(202) 278-2000
Houston	(713) 693-5000	Norfolk	(757) 455-0100		

Mga numero ng lugar ng tanggapan noong 02/2018. Ang pinakabagong mga numero ng lugar ng tanggapan ay makikita sa <https://www.fbi.gov>.